**RESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**PRESIDENTIAL NEWS DESK**

# SPEECH BY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR. AT THE OVERSEAS FILIPINO WORKERS (OFW) FAMILY DAY 2023

[Delivered at SMX Convention Center in Pasay City| 20 December 2023]

Maraming, maraming salamat.

Maraming salamat sa ating DMW, department officer-in-charge Undersecretary Hans Leo Cacdac. *[Please, umupo po kayo. Hanggang mga alas tres media ito] [laughter]*

Ang ating OWWA Administrator na si Arnaldo Ignacio na kung saan-saan kami nagkikita at basta't may puntahan ako laging nandiyan 'yan, dahil basta't may pangangailangan ang ating OFW.

Pareho na rin kay Usec. Cacdac na talagang pagka nagkakaproblema, hindi ko na kailangan tawagan. Pag-on ko ng television nandoon na sa Kuwait, nandoon sa Israel, nandoon na kung saan nangangailangan ng tulong ang ating mga OFW.

Kaya't malaking pasasalamat natin sa kanilang napakagandang trabaho para tumutulong po sa inyong lahat; ang ating mga bagong bayani at pinakamahalaga sa lahat, ang mga minamahal at magigiting na OFW sa iba't ibang panig ng mundo na nakauwi rito ngayon at atin ay kasama upang mapagdiriwang ang Pasko bago balik sa trabaho; my fellow workers in government; other distinguished guests; ladies and gentlemen.

Magandang umaga po sa inyong lahat. *[applause]*

Binabati ko ang lahat ng mga OFW at ang inyong mga pamilya na sila ring nagsasakripisyo habang kayo ay kumakayod at nakikipagsapalaran sa iba't ibang bansa, ang mga pamilya po ninyo ay siyempre may sakripisyo rin sila. Kaya't kasama sila sa pagtulong ng ating mga OFW sa Pilipinas.

Kaya't napakaganda na kayo'y kasama sa pagdiriwang ng ating OFW Family Day. *[applause]*

Masaya ako na magkasama tayo sa araw na ito upang magsaya at makapag-libang, lalo na at limang araw na lang ay Pasko na. *[cheers and applause]*

Tunay talaga napakalaki ng kontribusyon ng ating mga OFW sa ating lipunan, sa ating lahat dito sa Pilipinas.

Hindi lamang po *remittance* ang ating pinag-uusapan at ang pagtulong sa ating ekonomiya. Baon din nila sa kanilang pag-uwi ang mga bagong kasanayan at kaalaman na ibinabahagi sa ating lakas-paggawa. Kaya naman po, iniaalay namin ang araw na ito bilang parangal at pagpapasalamat sa inyong paghihirap, pagsisipag, at inyong sakripisyo.

Nais din po naming higit na pag-tibayin ang pagmamahalan ng inyong pamilya, lalo na at madalas ninyo silang hindi makapiling sa mahabang panahon.

Nawa’y mas maging matatag ang samahan ninyo na mag-anak at makapiling din ninyo ang isa’t-isa sa pamamagitan ng okasyon na ito.

Nais ko ring ipabatid sa inyo na hindi tumitigil ang pamahalaan sa pagkilos upang mapabuti ang inyong kalagayan. Una, nagtatag po tayo ng *One Repatriation Command Center* na may nakalaang hotline para sa mga OFW kung kailangan humingi ng tulong.

Ang hotline 1348 ay laging bukas at hindi nagsasara kahit gabi, 24 hours a day, pitong araw sa isang linggo, 24/7 ito ay nandiyan para sa inyo upang makapagbigay ng *rescue, repatriation, counseling, legal assistance* sa sinumang OFW na mangangailangan nito.

Pangalawa, patuloy din tayong nagbibigay ng mga serbisyo at programa para sa *reintegration* ng mga OFW na nagnanais nang umuwi at manatili sa Pilipinas.

Ilan sa mga programang ito ay ang *Livelihood Development Assistance Program*, ang *Balik Pinay Balik Hanapbuhay*, ang *Financial Awareness Seminar-Small Business Management Training*, ang *Enterprise Development Loan Program*. Ito po ay ay pinagsama-sama. Nandiyan din ang *Tulong Pang-kabuhayan sa Pag-unlad ng Samahang OFWs*.

Ito po ay ginagawa po natin upang dahil nagbabago na po ang mundo kaya't kailangan --- kung kayo ba ay maiiwan dito pag nakauwi, kung kayo ba ay maiiwan dito sa Pilipinas o nais ninyong bumalik pa ulit sa inyong trabaho ay kailangan makapag-training nang mabuti para tayo'y handa at makipagsaparalan na nga at kaya natin ang mga bagong mga teknolohiya, ang mga bagong pamamaraan. Kaya't nandiyan po ang lahat ng assistance para mabigyan naman natin ang ating mga OFW ng isang magandang pagkakataon upang sila'y makapagsimula muli pagkatapos ng pandemya.
Marami din tayong binibigay na suporta sa inyong mga kaanak tulad ng *OFW Children Circle*, ang *OWWA Education and Training Program,* and*Educational Assistance.*

Maliban diyan, nagtatag din tayo ng OFW Hospital sa San Fernando, Pampanga upang tugunan ang mga pangangailangang medikal ng ating OFW at kanilang mga mahal sa buhay.

Marami pang proyekto ang nakapila, at kahit ang mga kasalukuyang programa ay pagagandahin pa natin. Umaasa po akong susulitin ninyo at gagamitin nang wasto ang mga benepisyong ito.

Kasabay ng pagkayod ninyo sa ibayong dagat para sa mas magandang buhay ng inyong pamilya, ay ang aming pagsisikap na magpaunlad pa lalo sa ating bansa upang sa inyong pagbabalik ay makita naman ninyo ang malaking pagbabago dito sa Pilipinas.

Layunin natin na ang pangingibang-bansa ay hindi lamang dala ng pangangailangan upang maiahon ang pamilya sa kahirapan.

Sa "Bagong Pilipinas," nais natin itong maging isang alternatibo na lamang dahil mas marami ang pagkakataon sa loob ng bansa.

Kaya hiling ko na magka-isa tayo [sa] pangangarap at pagpapanday ng isang bansang matatag, maunlad, at puno ng oportunidad para sa bawat Pilipino.

Para makamit natin ito, hinihikayat ko ang lahat na yakapin ang pagiging isang *makabagong Pilipino*. *[applause]*

Sa ating mga OFW na araw-araw ay nagpapamalas ng sipag, husay, at katatagan sa inyong mga propesyon at siyang maipagmamalaki natin sa buong mundo: Kayo ang tunay na halimbawa ng *makabagong manggagawang Pilipino*.

Sa inyong patuloy na pakikiisa, buo ang tiwala ko na maitataguyod natin ang isang *Bagong Pilipinas* para sa mga Pilipino, ngayon at sa mga susunod pang henerasyon.

Muli, binabati ko ang ating mga magigiting na OFW at ang inyong mga mahal sa buhay. Maraming salamat at mabuhay kayong lahat! *[applause]* Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon! *[applause]*

**--- END ---**